Gaano karaming mga alagang hayop ang puwede kong panatilihin sa aking tirahan?

Upang magbigay ng isang ligtas at masayang kapaligiran, mayroong limitasyon sa bilang ng mga alagang hayop na maaaring mapanatili sa Gold Coast. Kung nais mong magpanatili ng karagdagang alagang hayop, mangayaring tawagan kami upang mag-apply.

	Lawak ng tirahan	Bilang na inahihintulutan
Mga aso (dapat irehistro sa Lungsod ng Gold Coast)	Lahat	2
Mga pusa	Lahat	2
Mga budgerigar, kanaryo at kaparehong-laki na mga ibon	<300m² 301m² - 1999m² >2000m²	4 20 30
Mga cockatiel at kaparehong-laki na mga ibon	<300m² 301m² - 1999m² >2000m²	2 10 30
Mga kokatu (Cockatoos), galah (galahs) at kaparehong-laki na mga ibon	<300m² 301m² - 1999m² >2000m²	1 2 4
Mga kalapati	<300m² 301m² - 1999m² >2000m²	2* 20* 30*

	Lawak ng tirahan	Bilang na inahihintulutan
Mga gansa, pabo, bibi at iba pang poltri	<800m² 800m² - 1999m² >2000m²	0 6 Hanggang 30
Mga inahing manok	<600m² >600m²	0 1 bawat 100m²
Mga Kabayo at baka	<4000m² >4000m²	0 1 bawat 4000m²
Mga tandang, paboreal, ostrich, emu	<4000m² >4000m²	0 1 bawat 4000m²
Mga tupa, baboy at kambing	<4000m² >4000m²	0 1 bawat 4000m²
Mga maliliit na daga	Lahat	10
Mga daga	Lahat	4

* **Tandaan:** may pagbubukod para sa mga kasapi ng aprubadong lipunan ng abikultura at ng Pigeon Racing Association, makipag-ugnay sa amin para sa karagdagang impormasyon.

Kapag mag-aalaga ng mga hayop sa inyong tirahan, dapat ang mga ito ay maalagaan alinsunod sa ating mga lokal na batas.

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnay sa Animal Management sa **07 5581 6664** o bumisita sa **cityofgoldcoast.com.au/animals**

CITY OF GOLDCOAST.

Madaliang gabay sa pagpapanatili ng alagang hayop sa Gold Coast

Guide to keeping pets (Tagalog)

Mahalin ang iyong alagang hayop, sila rin ay bahagi ng ating lungsod.

CITY OF GOLDCOAST.

Kilalanin ang inyong mga paboritong hayop

Ang pagkilala ng inyong paboritong hayop ay tumutulong sa amin na maibalik ang mga nawalang paboritong hayop sa kanilang mga may-ari. Sapilitan sa ilalim ng batas ng Estado para sa mga aso at pusa na tatlong buwan ang gulang at mas matanda pa na malagyan ng microchip. Ang mga aso ay dapat ding irehistro taun-taon sa Lungsod ng Gold Coast.

Siguraduhing ang iyong alagang hayop ay hindi nakakaistorbo

Bilang isang responsableng may-ari ng alagang hayop, mayroon kang obligasyon na pangalagaan ang kalusugan at kabutihan ng iyong alagang hayop, pati na rin ang tungkuling tiyakin na ang kanilang mga gawain ay hindi makakagambala sa iyong mga kapitbahay o kapaligiran. Halos lahat ng mga aso ay kumakahol, ngunit ang labis na pagkahol ay maaaring maging kayamut-yamot sa mga kapitbahay. Ang mga tirang pagkain, dumi at anupamang mga materyal na malamang makasasama ng sikmura (ibig sabihin ay tae, maruming kagamitan sa kama at/o kalat) ay kinakailangan makolekta araw-araw.

Panatilihin ang inyong mga alagang hayop sa inyong tirahan

Lahat ng mga may-ari ng hayop ay may tungkulin na maglagay ng tamang bakod at kulungan upang maiwasan ang paggagala. Ang pagala-galang alagang hayop ay nanganganib na mawala, mapinsala o mapatay sa aksidente sa kalsada at maaaring makaistorbo sa mga kapitbahay sa pamamagitan ng pagpinsala sa mga hardin, pagsira sa pribadong ari-arian o pagdumi sa mga daanan ng tao at damuhan. Ang pinakamasama nito, maaari nilang takutin o lusobin ang mga tao, iba pang mga alagang hayop at mga hayop-gubat, malusob din ng iba o magsanhi ng panganib sa trapiko.

Ilakad ang iyong aso na nakatali

Anumang aso na dinala sa isang pampublikong lugar ay dapat panatilihing nakatali sa lahat ng oras at mananatiling responsibilidad ng may-ari ng aso na pulutin at itapon ang dumi ng aso. Ang lungsod ng Gold Coast ay naglaan ng maraming parke, reserve at dalampasigan kung saan ang mga aso ay maaaring maehersisyo ng walang tali. Sa kabila ng pagkakaroon ng mga naitalagang lugar kung saan ay hindi kailangan ang tali, ang mga may-ari ay kailangan maging alerto na ang kanilang mga aso ay hindi magiging sanhi ng istorbo at napapanatiling kontrolado sa lahat ng oras.

Kapag ang iyong alagang hayop ay hindi mahanap maaaring ito ay nasa koral

Coombabah Shelter Road	07 5581 7600
Lunes hanggang Biyernes – 8am hanggang 5.30pm	
Sabado – 8am hanggang 4.30pm	
Mga public holiday – 10am hanggang 2pm	
Sarado tuwing Linggo, Biyernes Santo at Araw ng Pasko	

Stapylton Rossmans Road	07 3807 0580
Lunes hanggang Biyernes – 8am hanggang 12.30pm	
Sarado tuwing Sabado at Linggo at mga public holiday	